

# Ang aming narinig



## Social Cohesion Guide

### Buod ng aming narinig noong nakipag-usap kami sa mga komunidad tungkol sa social cohesion

Ang Royal Commission of Inquiry sa pag-atake ng terorista sa Christchurch noong ika-15 ng Marso 2019 ay gumawa ng mga rekomendasyon upang mapabuti ang social cohesion sa Aotearoa New Zealand. Bilang bahagi ng pagpapatupad ng mga rekomendasyon tungkol sa social cohesion, ang Ministry of Social Development (MSD) (Ministri ng Kaunlarang Panlipunan) ay nakipag-usap sa isang malawak na hanay ng mga tao at komunidad tungkol sa pagbuo ngistratehiya upang mapabuti at masukat ang social cohesion sa buong Aotearoa New Zealand. Ang mga usapan o pakikipag-ugnayang ito ay naganap sa pagitan ng Hulyo 2021 at Marso 2022.

Ang mga kalahok sa mga pagpupulong na ito ay nagsabi na may problemang social cohesion sa Aotearoa New Zealand at pinag-usapan ang mga karanasan sa diskriminasyon o naiibang pagtrato dahil sa kanilang kasarian, pananampalataya, sekswalidad, lokasyong heograpiya at iba pang mga pagkakaiba. Maraming mga tao ang dumanas ng iba't ibang uri ng diskriminasyon nang sabay-sabay, na nagpatindi ng kanilang negatibong mga karanasan. Nais nilang pahalagahan at igalang ang mga pagkakaiba-ibang ito, sa halip na bale-walain o gawing panlahatan.

Tinalakay ng mga kalahok ang matatag na ugnayan ng Te Tiriti o Waitangi (ang Kasunduan ng Waitangi o the Treaty of Waitangi) at social cohesion. Kinilala dito na maaari tayong turuan ng Te Tiriti o Waitangi ng mahahalagang leksyon sa pagpapalakas ng social cohesion sa lahat ng mga tao sa Aotearoa New Zealand, hindi lang Māori. Nais din ng mga kalahok ng karagdagang mga mapagkukunan o pondo para sa mga pagsisikap sa social cohesion.

Tinalakay ng mga kalahok ang kahulugan ng social cohesion. Kasunod ng kanilang komento (feedback), ang social cohesion ay binigyang-kahulugan kung saan: Lahat ng mga tao, whānau at mga komunidad ay uunlad, magiging kabilang at igagalang sa Aotearoa. Matinding sinuportahan ng mga kalahok ang pagsasama sa kahulugan ng 'pagiging kabilang', 'paggalang' at pagkakapantay-pantay.

Tinalakay din sa mga kalahok ang anim na bahagi na maaari nating pagsikapan upang matamo ang social cohesion, batay sa kasalukuyang pananaliksik tungkol sa social cohesion. Kasunod ng kanilang komento, ini-update ang anim na bahagi bilang: 1) diskriminasyon o pagmaltrato ng mga tao dahil sa kanilang mga pagkakaiba; 2) mga positibong oportunidad para lumago at mag-ugnayan ang magkakaiba-ibang mga grupo; 3) paglahok sa mahahalagang aktibidad; 4) kagalingan at mga hadlang sa kagalingan; 5) pagiging inklusibo at mga pinagsaluhang pinahahalagahan; 6) pagprotekta sa ating lipunan at kapaligiran para sa mga susunod na henerasyon. Ang talakayan tungkol sa anim na bahaging ito ay sumaklaw sa mahahalagang mga isyu ng pagkakapantay-pantay, kapangyarihan, pinsala, tiwala, pagkakaiba-iba at identidad. Sinabi ng mga kalahok na ang bawat isa sa anim na bahagi ay pare-parehong mahahalaga upang matamo ang social cohesion. Ang pagtutuunang anim na bahagi ay magpapatibay din sa pagdagdag at pagpapalawak ng mga gawaing isinasagawa na ng mga ahensya ng pamahalaan upang suportahan ang social cohesion sa Aotearoa New Zealand.

Nang tanungin kung ano ang maaaring maging anyo ng gawaing social cohesion, pinag-usapan ng mga kalahok ang paglikha ng kapaligirang may pagkakabilang, kabilang, pagkakapantay-pantay, paggalang at tiwala, na maaaring aktibong lahan ng lahat. Sinuri at ginamit ang komentong ito upang bumuo ng isang grupo ng mga kalalabasan ng social cohesion upang tumulong sa pagtasa at pagsukat ng progreso tungo sa social cohesion.

Ang mga komento at ideya mula sa mga usapang ito o mga pakikipag-ugnayan sa iba't ibang mga kalahok ay humubog nang makabuluhan sa istrateliya upang mapabuti ang social cohesion sa Aotearoa New Zealand.



